# Pangalan:

Karagdagang Gawain

**PANUTO: Piliin ang letra ng wastong katangian ng tauhan sa bawat sitwasyon.**

1. Araw-araw, maagang gumigising si Nanay Belen. Nagluluto siya ng agahan. Pagkatapos ay ihahatid sa eskuwelahan ang mga anak.

A. masinop
B. masipag
C. matatag
D. mapagbigay

2. Palagi na lang nakasigaw si Lito sa kaniyang mga kapatid. Walang araw na hindi mainit ang kaniyang ulo kahit wala namang kadahidahilan.

A. magagalitin
B. mahinahon
C. masipag
D. matipid

3. Araw-araw ay may perang natitira si Lulu mula sa baong ibinibigay ng kaniyang tatay. Hindi niya ito basta ginagastos sa bagay na walang halaga.

A. maaasahan
B. mahusay
C. malakas
D. matipid

4. Palagi na lang may problema ang pamilya ni Susan. Kailan lang ay nawalan ng trabaho ang kaniyang ama. Sumunod naman ay nagkasakit ang bunso sa magkakapatid. Ngunit kahit nagkaganito, buo pa rin, nagmamahalan, at nagtutulungan ang buong pamilya.

A. matipid
B. matatag
C. masinop
D. masayahin

5. "Umalis ka nga sa tabi ko! Madungis at mabahong bata!"

A. matapat
B. mahinahon
C. matapobre
D. Mapagbigay

LIVEWORKSHEETS